Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BAHAY PULUNGAN NG BARANGAY JASAAN NOONG IKA- 20 NG SETYEMBRE, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-11:00 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO | ........................ | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ........................ | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar | ........................ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ........................ | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ........................ | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | ........................ | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas | ........................ | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ........................ | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan | ........................ | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ........................ | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | ........................ | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 301-T'2000*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG DEED OF EXCHANGE NA ISINAGAWA NG PAMAHALAANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NA KINAKATAWAN NG KGG. DOMINGO G. PANGANIBAN, PUNONG BAYAN AT NI G. ADELFO N. PAMATMAT NG BARANGAY BUBUKAL, BAYANG ITO NA KINAKATAWAN NI G. CONRADO C. PAMATMAT, ATTORNEY –IN-FACT.*

*SAPAGKA'T*, may kontratang iniharap sa sangguniang ito tungkol sa palitan ng lupa upang magsilbing daan (right-of-way) patungo sa lugar na pinagtatayuan ng programa ukol sa Pabahay ng pamahalaang bayan sa Brgy. Bubukal at Bagumbayan;

*SAPAGKA'T*, ang lupang pag-aari ni G. Adelfo N. Pamatmat na may sukat na 566 metro-kuwadrado ay dumaan sa pagsang-ayon ng dalawang panig para sa naturang programa sa pabahay upang magsilbing daanan kapalit ng lupa ng pamahalaang bayan na may bilang na Lot #17 hanggang 24 ng Block 1 na nasasakop ng lugar na pinagtatayuan ng proyekto sa pabahay.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez, Florencio C. Odejar at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN*: Na pagtibayin ang Deed of Exchange na isinagawa ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna na kinakatawan ng Kgg. Domingo G. Panganiban, Punong Bayan at ni G. Adelfo N. Pamatmat ng Brgy. Bubukal, bayang ito na kinakatawan ni G. Conrado C. Pamatmat, Attorney-in-fact.

*INIUUTOS*: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, G. G. Conrado Pamatmat, Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad, Pambayang Inhinyero, at Zoning Officer, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: DOMINGO G.PANGANIBAN
Punong Bayan